ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 10
Mayo 21, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Ibayong palawakin ang paglaban ng bayan sa rehimeng US-Marcos

Sa nagdaang taon, tuluy-tuloy na sumisigla ang sama-samang mga pagkilos ng sambayanang Pilipino upang ipaglaban ang kanilang kabuhayan, ipagtanggol ang mga karapatan, isulong ang katarungan, at itaguyod ang pambansang kalayaan. Sa harap ng hindi nalulutas na krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal, kaliwa't kanan ang mga patakaran at hakbanging kontra-nasyunal at kontra-demokratiko ng pasistang rehimeng US-Marcos. Itinutulak ng mga ito ang masa ng sambayanan na magkaisa at makibaka laban sa kanilang paghahari.

Papalawak ang hanay ng mga manggagawa, at karaniwang kawani na nakikibaka para sa kanilang karapatan sa nakabubuhay na sahod at sweldo. Lalo pang tumitibay ang paninindigan ng mga drayber at opereytor ng dyip sa pagtatanggol nila ng kanilang kabuhayan laban sa *jeepney phaseout*. Kaisa nila ang mga kabataan na tumututol rin sa nakaambang pagtaas ng matrikula at gastos sa edukasyon. Sa iba't ibang panig ng bansa, ipinagtatanggol ng mamamayan ang kanilang karapatan sa lupa, kabundukan, kailugan at karagatan, at mga pinagkukunan ng kabuhayan laban sa pangangamkam at pangwawasak ng magkakasabwat na mga dayuhan, malalaking kapitalista at panginoong maylupa. Sinisingil nila ang rehimeng US-Marcos sa lubhang kulang na paghahanda at aksyon sa harap ng matinding pinsalang dulot ng tagtuyot sa panahon ng El Niño at mga patakaran nitong sumisira sa kalikasan.

Bumwelo ang paglaban ng malawak na hanay ng mamamayan sa pakanang *charter change* ng mga alipures ni Marcos, para sementuhin ang mga patakarang neoliberal sa konstitusyong 1987 at tangkaing ilusot ang mga pagbabago upang mapalawig ang poder ng mga pulitiko. Bumubwelo rin ang paglaban sa panghihimasok ng militar ng US sa Pilipinas, panunulsol nito ng gera at pagkakaladkad ng bansa sa imperyalistang sigalot nito sa China, habang nananawagan ang bayan ng mapayapang paglutas sa mga usapin sa pagitan ng Pilipinas at China kaugnay ng mga teritoryong pandagat sa West Philippine Sea. Nagpapatuloy at patuloy ding lumalawak ang pagsuporta sa mamamayang Palestino laban sa henosidyo ng tambalang US at Zionistang Israel. Ibayong tapang na lumalaban ang sambayanan sa tumitinding pasismo ni Marcos. Tagumpay nila ang desisyon ng Korte Suprema kontra sa Red-tagging at pabor sa pagbibigay ng *writ of amparo* sa mga biktima nito.

Ang kaliwa't kanang militanteng paglaban ng sambayanan ay mga palatandaan ng hindi nalulutas na krisis sa ekonomya at pulitika ng naghaharing sistema. Sa ilalim ng pahirap at mapang-aping mga hak-



bangin ng anti-mamamayan at papet na rehimeng Marcos, walang ibang masusulingan ang masa ng sambayanan kundi ang magkaisa, kumilos at lumaban. Sa harap ng pagbibingi-bingihan at pagbubulag-bulagan ni Marcos, kailangang lalo pang palakasin ang sigaw ng sambayanan para sa hinihingi nilang kagyat at pangmatagalang pagbabago. Upang epektibong lumaban, kailangang mapakilos ang higit na mas malapad na hanay ng masa ng sambayanan.

Upang pakilusin ang malawak na sambayanan at iluwal ang kanilang inisyatiba sa paglaban, dapat magsimula sa antas ng pampulitikang kamulatan at kahandaan ng masa. Saligang turo ng Partido na dapat pakilusin ang mas aktibo at abanteng bahagi ng masa, upang abutin ang panggitna at kabigin ang nahuhuli. Kaugnay nito, tungkulin ng nangungunang mga pwersang pambansa-demokratiko na pukawin at hikayatin ang masa na kumilos sa pamamagitan ng pag-abot at pakikipagkaisa sa iba't iba nilang organisasyon, o pagtatayo ng iba't ibang tipo ng asosasyon na nakabatay sa nagkakaisang paninindigan ng masa sa tampok na mga usapin ng mamamayan.

Malaking bilang ng masa ang handang pumaloob sa pambansa-demokratikong mga organisasyon at determinadong kumilos para sa komprehensibong pagbabagong panlipunan. Dapat silang malawakang organisahin. Subalit higit pang mas marami ang handang sumapi at lumahok sa batayan ng iba't ibang progresibo, makabayan at makamamamayang mga adhikain, o sa batayan ng karaniwan at komun na mga hinaing sa hanapbuhay o pinagkakakitaan. Handa silang pumaloob sa iba't ibang anyo ng organisasyon, at bukas sa iba't ibang paraan ng pagkilos. Dapat silang abutin, itayo ang angkop na anyo ng mga organisasyon at gabayan sa landas ng militanteng paglaban. Dapat pag-ibayuhin ang pagkamapanlikha sa mga pamamaraan at anyo ng pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

Tungo rito, mahigpit na tungkulin ng lahat ng pambansa-demokratikong pwersa na puspusang tumungo sa masa at ubos-kayang isagawa ang panlipunang pagsisiyasat, pagpopropaganda at pag-oorganisa. Dapat tumungo at buong-panahong sumanib sila sa mga pabrika, maralitang komunidad sa kalunsuran at kanayunan, maging sa mga paaralan, tanggapan, at kung saanman naninirahan o naghahanapbuhay ang masa. Sa pamamagitan nito, matutuklasan ang angkop o epektibong mga anyo, luma man o bago, ng pagpropaganda at pag-organisa sa masa.

Dapat maging mapangahas, malakas ang loob, may inisyatiba at mapanlikha sa pagpropaganda at pag-oorganisa sa masa. Dapat pangibabawan ang lahat ng anyo ng burukratismo at liberalismo, at magmatyag sa populismo, buntotismo, komandismo at pagkakasya sa pahapyaw na pagpopropaganda. Kailangang baklasin ang kinagawiang mga paraan at estilo ng paggawa na sumasagka sa kakayahan ng pambansa-demokratikong mga pwersa na alamin ang kongkretong kalagayan ng masa, ang iba't iba nilang usapin, mga komun na hangarin, antas ng kanilang kamulatan at kahandaan na kumilos at lumaban.

Taimtim ang hangarin ng sambayanang Pilipino na lumaban sa harap ng matalim na krisis at walang-awat na pagpapahirap at pang-aapi sa kanila ng kontra-mamamayan at pasistang rehimeng US-Marcos. Determinado silang isulong ang kanilang pakikibaka para sa kanilang kagalingan, kabuhayan, at mga saligang karapatan, at para sa kalayaan at kaligtasan ng bansa.

Ang masidhing paghahangad ng sambayanan na lumaban ay dapat tumbasan ng determinasyon ng mga pwersang pambansa-demokratiko na pukawin, organisahin at pakilusin ang mga manggagawa, magsasaka, masang anakpawis, at lahat ng demokratikong sektor. Dapat magsilbing huwaran ang mga kadre at kasapi ng Partido sa pangunguna sa walang pag-iimbot na pakikisalamuha, pagpukaw at pag-oorganisa upang palalimin at palawakin ang mga ugat ng Partido sa hanay ng masa. Dapat silang mamuno sa paglinang ng diwa ng pagsandig at pagtiwala sa masa, at sa paninindigang ang masa lamang ang lumilikha ng kasaysayan. AB


ANG Bayan

Tomo LV Blg. 10 | Mayo 21, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** Ibayong palawakin ang paglaban ng bayan sa rehimeng US-Marcos 1
International Peoples' Tribunal 3
Sino ang pinakamalalaking *Red-tagger*? 4
Militar ng US at Australia nasa Pilipinas pa rin 5
Mga protesta 5
Labanan ang operasyon ng MMCI sa Kalinga 5
Mga minero sa Benguet, nagbarikada 6
Wala pa ring hustisya sa Marawi City 6
68 ektaryang lupa, naipagwagi 6
"Malinis" na enerhiya sa Batangas 7
Sa madaling salita 8
Pambobomba, pag-aresto at karahasan 9
Ika-76 taon ng Al Nakba, ginunita 10



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# IPT: US, Duterte, at Marcos Jr, napatunayang maysala sa mga krimen sa digma

Hinatulan ng International Peoples' Tribunal (IPT) nitong Mayo 18 na nagkasala ang rehimeng Duterte at Marcos Jr, ang gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP), at ang US na kinakatawan ni Joseph Biden, sa paglabag sa mga karapatang-tao ng mga Pilipino, at sa internasyunal na makataong batas.

Ang IPT ay isang pandaigdigang hukuman na binubuo ng mga ekspertong ligal na nag-iimbestiga sa mga paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas sa iba't ibang bansa. Itinatag ito noong 1979 at nakapagdaos na ng 46 na sesyon, kabilang ang anim tungkol sa Pilipinas.

Ayon kay Séverine de Laveleye, myembro ng Chamber of Representatives ng Belgium, at isa sa mga hurado ng IPT ngayong taon, napatunayan sa kanilang pagdinig na nagpapatuloy mula sa nagdaang rehimeng Duterte hanggang sa kasalukuyang rehimeng Marcos ang sistematikong paglabag sa mga karapatang-tao ng mga kritiko ng pamahalaan, na suportado ng US.

Patunay dito ang mga naitalang kaso ng paniniktik, pananakot, pandurukot at sapilitang pagkawala, pagpatay at pagmamasaker ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga sibilyang kritiko ng gubyerno sa ilalim ng *counterinsurgency program* ng dalawang rehimen.

Ilan sa mga kasong tampok sa pagdinig ang pagmasaker ng AFP sa mga sibilyan, kabilang na ang pamilyang Fausto sa Negros, ang mga Tumandok sa Panay, at ang boluntir na mga guro ng mga eskwelahang Lumad sa Mindanao.

Bukod pa rito ang *aerial bombings* sa mga komunidad na idinikit ng militar sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sa tala ng Karapatan, mayroong 378,203 biktima ng paglabag sa karapatang-tao na kaugnay sa mga pambobomba sa ilalim ng rehimeng Duterte, habang 22,391 naman sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Kabilang din sa dininig sa tribunal ang mga kaso ng hindi makataong pagtrato ng militar sa mga kasapi ng BHB. Napatunayan sa kanilang pagdinig na patuloy pa rin ang pagpatay ng militar sa mga mandirigma ng BHB na *hors de combat* o walang kakayahan lumaban. Bukod pa rito, may naisadokumento ring mga kaso ng paglapastangan ng militar sa mga bangkay ng pinaslang na mga rebolusyonaryong mandirigma.

"Ang dami at dalas ng ganitong mga kaso ay makapagpapatunay na ginagawa ito bilang bahagi ng patakaran ng GRP," dagdag ng mga hurado.

Kaugnay nito, binigyang diin din ng IPT ang pagsuporta ng US sa programang kontra-insurhensya ng gubyerno ng Pilipinas, na anila'y halaw sa estratehiya ng US.


Matatandaang isa sa mga layunin ng Balikatan *exercises* ang palakasin ang anila'y kahandaan ng GRP sa *counterinsurgency*. Bukod pa rito, umabot na sa $1.14 bilyon ang halaga ng kagamitang pangmilitar na inilaan ng US sa Pilipinas.

Samantala, sinang-ayunan ng mga grupo sa karapatang-tao sa Pilipinas ang hatol ng IPT.

"Binigo na ng lokal na mekanismo ang paghahanap ng hustisya ng mga biktima rito sa Pilipinas, kaya napakalaking larangan ang International Peoples' Tribunal para magkaroon ng pagkakataon ang mga biktimang dinigin ang mga kaso ng paglabag ng administrasyong Duterte at Marcos Jr sa karapatang pantao nila," ani Atty. Sol Taule, abugado para sa grupong Karapatan sa isang *press conference*.

Layunin ng mga grupo sa karapatang-tao na ipalaganap ang hatol ng IPT sa mga komunidad at iba pang mga organisasyon, at dalhin ito sa Kongreso, bilang bahagi ng kanilang aksyon para mapanagot ang mga sangkot sa mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng dalawang rehimen.

"Sa pagbalik natin ng hatol ng IPT sa mga komunidad, ipapaliwanag natin sa ating mga kababayan na kailangan ng tuluy-tuloy na edukasyon at pagkilos para sa proteksyon at pagsulong ng ating mga karapatan," ani Raymond Palatino, pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan. AB



# Sino ang pinakamalalaking *Red-tagger*?

Sa nakaraang mga taon hanggang sa kasalukuyan, sa pangunguna ng mga batalyon ng Armed Forces of the Philippines, mga yunit ng Philippine National Police, gayundin ng mga upisyal ng NTF-Elcac at Anti-Terrorism Council, isinagawa ang walang awat na *Red-tagging*, paninira at malisyosong pagdadawit ng mga sibilyan at kanilang mga organisasyon sa armadong kilusan. Malaon na itong ginagawa ng reaksyunaryong estado pero tumindi at naging sistematiko mula noong nagdaang rehimeng Duterte hanggang sa kasalukuyang rehimeng Marcos. Bahagi ito ng maruming kontra-insurhensyang gera ng reaksyunaryong estado na nakatuon sa mga sibilyan.

Sa panahon ni Duterte, walang sektor, industriya, organisasyon o indibidwal na may hibo ng pagiging kritikal sa kanyang paghahari, kabilang ang mga kritiko sa kanyang kriminal na "gera kontra-droga," ang iniligtas sa kanyang pambabanta. Noong 2018, sa tabing ng pagsupil sa "Red October," na diumano'y plano para pabagsakin ang kanyang rehimen, isinagawa ni Duterte ang kampanya ng malawakang pagdadawit sa mga pwersa at organisasyong lumalaban sa kanyang rehimen. Libu-libong taong-midya, estudyante, lider at myembro ng mga pambansa-demokratikong organisasyon, atleta at artista ang pinagbantaan ni Duterte at kanyang mga upisyal militar.

Sa nakaraang mga taon hanggang sa kasalukuyan, hindi mabilang ang mga aktibidad, porum at pagkakalat ng mga paninira at *Red-tagging* ng iba't ibang mga yunit militar sa midya, mga paaralan at sa kanayunan. Kahit noong kasagsagan ng pandemyang Covid-19, abala ang mga yunit na ito sa malisyosong pag-uugnay sa mga sibilyan sa armadong kilusan para sapilitan silang "pasukuin" at buwagin ang kanilang mga organisasyong masa. Ang mga yunit militar din na ito ang naglunsad ng iba't ibang mga "youth summit" sa mga unibersidad at mga komunidad ng magsasaka na laging nakaangkla sa paninira sa mga progresibong institusyon at mga hayag na organisasyong masa.

Kinasangkapan ng rehimen ang maraming upisyal sa antas-baryo at munisipalidad para gipitin ang kanilang mga kababaryo at itanggi ang krimen ng AFP sa kani-kanilang mga saklaw.

Pinakalitaw na kumakatawan ng taktikang ito ang NTF-Elcac, na pinugaran ng pinakamasasahol na *Red-tagger* tulad nina Hermogenes Esperon Jr, Colonel Harold Cabunoc, Mocha Uson, Lorraine Badoy, Jeffrey Celiz, Salvador Panelo at marami pang iba. Sa Senado, kamakailan, pinangunahan ni Ronald "Bato" de la Rosa ang kaliwa't kanang pag-*red-tag* kasama ang mga nagtraydor tulad nina Noel Legaspi, Joy Saguino, Kate Raca at iba pang nagpakasangkapan sa AFP. Naging daluyan ng pinakamasinsin at matitinding paninira at pambabanta ang SMNI Network na pag-aari ng tautauhan ni Duterte at ngayo'y puganteng si Apollo Quiboloy. Naging larangan din ng kanilang marahas at nakamamatay na paninira at pambabanta ang Facebook, Youtube at iba pang plataporma ng *social media*.



**Banta sa buhay, kalayaan at seguridad**

Sa isang desisyon na isinulat noon pang Hulyo 4, 2023, idineklara ng Korte Suprema na ang *Red-tagging* o ang malisyosong pag-ugnay sa mga sibilyan sa armadong kilusan, ay banta sa buhay, kalayaan at seguridad ng mga biktima nito. Ang desisyon ay kaakibat sa pinaburang petisyon para sa *writ of amparo* ni Siegfred Deduro, dating kinatawan ng Bayan Muna Party-list. Isinapubliko ang desisyong isinulat ni Associate Justice Rodil V. Zalameda noon lamang Mayo 8.

Ito ang unang pagkakataong binigyan ng korte ng ligal na pakahulugan ang konsepto ng *Red-tagging* sa Pilipinas. "Ang pagtatak sa isang tao bilang "Red" o "Pula" ay kadalasang may kaakibat na masinsing sarbeylans, direktang panggigipit, at sa ilang pagkakataon, kalauna'y kamatayan. Sa pag-uugnay sa ni-*red-tag* na mga indibidwal sa mga komunista o terorista, nagiging target sila ng mga *vigilante*, grupong paramilitar o kahit ng mga ahente ng estado at dahil dito'y madaling maunawaan kung bakit maaaring matakot ang isang indibidwal na ma-*red-tag* na nagsasapanganib sa kanilang buhay at seguridad," sulat ng Korte Suprema.

Ayon sa Korte Suprema, maaaring igawad ang *writ of amparo* sa mga biktima ng *Red-tagging*, gayundin sa mga biktima ng "paninira, pagtatatak, at pagturing na nagkasala sa pamamagitan ng pag-uugnay (*guilt by association*) dahil "madali lamang intindihin" ang takot na nararamdaman ng biktima dulot nito. AB

## *War games* ng US at Australia sa Pilipinas, nagpapatuloy

Upisyal nang natapos ang Balikatan 39-24 noong Mayo 10, pero nasa Pilipinas pa rin ang libu-libong sundalong Amerikano para sa pangalawang serye ng Salaknib-24 na unang inilunsad Abril. Marami pang kasunod na mga *war games* ang "tahimik" na ilulunsad ng US sa bansa. Nasa bansa pa rin ang mga sundalong Australian para sa Kasangga *exercise*.

Noong Mayo 11, isinagawa ang Salaknib sa bayan ng Basco, Batanes. Sa tabing ng "port improvement project" sinimulan ng US Army at Philippine Army ang paghahakot ng bato mula sa Basco Port. Inilalakong "civilian port" ang nasabing pantalan na sa katunayan ay magsisilbing daungan ng mga barkong pandigma ng US. Dagdag ang daungan sa iba pang pasilidad na itinayo ng US sa Chadpidan, Basco at sa San Rafael, Itbayat at Mavulis Island.

Kasabay nito, sinimulan ang Kasangga *war games* sa pagitan ng Philippine Army at Australian Defense Force (ADF) na nilahukan ng 100 tropang Pilipino at 50 sundalong Australian noong Mayo 13 sa hedkwarters ng 5th ID sa Gamu, Isabela, na magtatagal hanggang Hunyo 21.

Bahagi ng *war games* na ito ang pagpapakawala ng mga *mortar* at *drone operations* na nagdudulot ng ligalig sa mga pamayanan, at "paglaban sa terorismo" na pangunahing nakatuon sa pandarahas sa mga magsasaka at aktibista.

Samantala, ilulunsad ng US ang RimPac *war games* sa iba't ibang bahagi ng Asia at US mula Hunyo 29 hanggang Agosto 4. Tinaguriang "pinakamalaking *naval war games*" sa buong mundo ang RimPac (Rim of the Pacific). Lalahok dito ang Pilipinas.

### Kontra-Balikatan 39-24

Sa pagtatapos ng Balikatan noong Mayo 10, nagsunog ng bandila ng imperyalistang US ang mga iba't ibang grupo sa harap ng hedkwarters ng AFP sa Camp Aguinaldo, Quezon City. Binatikos nila ang paglapastangan ng US sa soberanya ng Pilipinas, mga paglabag sa karapatang-tao nito, at pagkaladkad sa Pilipinas sa inuupatang gera sa katunggaling imperyalistang China. Nagsabit naman ng mga balatengga ang mga grupo sa Ilocos Norte noong Mayo 6.

Samantala, inilunsad ng Kabataang Makabayan (KM) sa bansang Australia at Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma) ang kani-kanilang mga aktibidad para batikusin ang Balikatan. Pinintahan ng KM ang konsulado ng US sa Melbourne noong unang linggo ng Mayo.

Samantala, nagsabit ng malaking balatengga ang mga kasapi ng Kaguma sa isang tulay sa Malibay, Pasay noong Mayo 10. Nakasulat dito ang "Labanan ang imperyalistang giyera! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!" AB

**Ibalik ang 5-taong prangkisa!** Nagprotesta ang ilandaang tsuper at opereytor ng dyip noong May 16 sa harap ng LTFRB sa Quezon City para kundenahin ang kautusan na hulihin ang mga hindi pumailalim sa sapilitang konsolidasyon ng mga prangkisa. Iginiit ng mga tsuper at opereytor na ibalik ang kanilang 5-taong indibidwal na prangkisa para sa kanilang kabuhayan. Noong Mayo 14, nagprotesta rin sila sa harap ng Korte Suprema para itulak ang korte na maglabas na ng tugon sa kanilang petisyon para ipahinto ang sapilitang konsolidasyon at implementasyon ng PUVMP.

**Lider-manggagawa ng KMU-SMR, hinanap sa kampo-militar.** Naglunsad ng *search mission* ang mga kaanak ni William Lariosa, dinukot na lider-manggagawa sa Southern Mindanao, noong Mayo 14. Nagpunta sila sa kampo ng 1003rd IBde sa Davao City kasunod ng isang tip na doon itinatago si Lariosa. Nagpunta rin sila sa panrehiyong upisina ng CHR at DOLE sa Davao City para idulog ang kaso ng dinukot na lider.

**Araw ng Manggagawang Pangkalusugan, ginunita.** Nagmartsa ang mga manggagawang pangkalusugan noong Mayo 7 sa Maynila at Baguio City. Panawagan nila ang nakabubuhay na sweldo, seguridad sa trabaho, dagdag na mga tauhan sa ospital, mga karapatan sa paggawa at karapatan ng mamamayang Pilipino sa kalusugan. Inilunsad din nila ang mga protesta at iba pang aktibidad sa mga syudad ng Iloilo, Bacolod, at Cebu, sa Camarines Norte, at mga rehiyon ng Soccsksargen at BARMM. Pinangunahan ang mga ito ng Health Workers United for Wage Increase at Alliance of Health Workers.

**Mga manggagawa ng PLDT, magwewelga.** Bumoto ang 3,390 sa kabuuang 4,041 unyonisadong manggagawa ng PLDT pabor sa pagwewelga sa harap ng hindi pagtugon ng maneydsment sa panawagang buksan ang negosasyon sa CBA para sa 2024-2027. Inilunsad nila ang *strike vote* o pagbotong magwelga noong Mayo 14 hanggang 15 sa lahat ng sangay at upisina ng PLDT sa bansa. Tatlong buwan na nang inihain ng unyon ang pabatid para sa negosasyon ngunit walang tugon at sadyang inaantala ng kumpanya ang pagsisimula nito. Nagprotesta rin sila sa DOLE sa Intramuros, Manila noong Mayo 13.

**73-ektaryang lupa sa Angeles City, ipaglaban.** Nagpiket ang mga magsasaka at residente mula sa Barangay Anunas, Angeles City, Pampanga sa DAR at Kongreso noong Mayo 13 at 14. Ipinanawagan nila ang pagbawi sa 73-ektaryang lupa sa Sityo Balubad na kinamkam ng Clark Hills Properties Corporation. Nagsasampa ng resolusyon sa Kongreso para imbestigahan ang pang-aagaw ng lupa.

# Labanan ang operasyon ng Makilala Mines Corporation Inc sa Kalinga

Nanawagan ang Cordillera People's Democratic Front (CPDF)-Kalinga sa mga pambansang minorya at magsasaka na sama-samang labanan ang operasyon ng Makilala Mines Corporation Inc (MMCI) sa bayan ng Pasil, Kalinga. Ang kumpanyang ito ay subsidyaryo ng Celsius Resources ng Australia.

Ang pamumuhunan ng MMCI sa Kalinga ay kasunod ng ginawang pagsusubasta ni Ferdinand Marcos Jr sa mga rekurso ng bansa sa pagbisita niya kamakailan sa Australia. Iginawad ng kanyang rehimen ang Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) sa kumpanya noong Marso. May bisang 25 hanggang 50 taon ang ibinigay na MPSA sa kumpanya.

Ang malawak na lupain na sasaklawin ng MMCI ay bahagi ng lupang ninuno ng katutubong Balatoc. Dadambungin ng mga operasyon nito ang may 2,500 ektarya ng lupang ninuno.

Miminahin ng MMCI ang Maalinao-Caigutan-Biyog (MCB) *mining deposit* ng ginto at tanso na nasa tabi ng Pasil River. Bubuhusan ng kumpanya ng ₱13 bilyon ang MCB Copper Mining Project para simulan ang operasyon nito ngayong taon. Inaasahang magsimulang kumita ang minahan sa ikalawang taon ng operasyon nito. Ang MCB deposit ay katabi ng Dickson deposit na unang namina ng Batong-Buhay Gold Mines Inc at ng iba't ibang kasosyo nito.

Alinsunod sa MPSA, makatatanggap ang pambansang gubyerno ng bahagdan sa produksyon kabilang ang kakarampot na *excise tax* sa produktong mineral at *royalty* na 4%, gayundin ng ilang buwis at bayarin. Magbabayad lamang ang MMCI ng baryang ₱183,000 kada taon sa lokal na gubyerno ng Pasil. Samantala, inaasahang makapagmimina ang MMCI ng 2.25 milyong toneladang *ore* o batong mineral sa simula ng operasyon, at doble nito sa susunod na mga taon.

Iluluwas sa ibang bansa ang produktong ginto at *copper* na mamimina ng MMCI sa Kalinga. Isusuplay ito sa mga imperyalistang bayan para sa *automation* at nauusong "green technology."




**Delikado at mapangwasak**

Walang ibang idudulot sa mamamayan ng Kalinga ang pagmimina kundi perwisyo at malawakang pangwawasak sa lupa at kabundukan. Gagamitin ng MMCI ang paraang *sub-level open stoping* (SLOS) kung saan maghuhukay ng mga *tunnel* na may lalim na hanggang 600 metro. Gagamitin ang mga *tunnel* na ito para sa sabay-sabay na pagkuha ng *ore*.

Itatambak sa mga tunnel na ito ang 78% ng "mine tailings" o basura ng naprosesong *ore* kapag matapos na ang operasyon ng mina. Ang ibang matitirang basura ay balak nitong iproseso para umano tanggalin ang nakalalasong kemikal at gawing lupang taniman o pantambak kontra-baha at sa konstruksyon. Hiwalay na itatayo naman ang dam na pag-iimbakan ng tubig mula sa mga *tunnel* at pagproseso ng *ore* na maglalaman ng tanso, asido at iba't ibang nakalalasong kemikal.

Aagaw sa suplay ng tubig at kuryente ang minahan. Itatayo nito ang isang malaking dam para pag-ipunan ng malinis na tubig mula sa Kafacrutan Creek. Aagaw ito ng tubig mula sa Pasil River na pangunahin daluyan ng tubig sa Kalinga.

Tatamaan din ang suplay ng kuryente sa Cordillera dahil kukuha ng 12 *megawatts* ang MMCI para sa mga operasyon nito. Liban sa pagkuha sa National Grid, kukuha ang kumpanya ng kuryente sa apat pang itinatayong proyektong pangkuryente sa Kalinga.

Sa ibabaw ng lupa, 31.83 ektarya naman ang sasakupin ng mga upisina, planta at iba pang pasilidad.

Itatayo ng estado ang Lubuagan-Batong Buhay-Abra Road na may habang 85.5 kilometro para sa kapakinabangan ng MMCI. Dito idadaan ang naiprosesong tanso na dadalhin sa mga daungan ng Salomague, Cabugao at San Esteban, mga bayan sa Ilocos Sur.

Kasabwat ng MMCI ang reaksyunaryong gubyerno sa pagpapabilis sa proseso para mabuksan na ang minahan. Katuwang ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), hinahati nito at pinag-aaway ang mga pambansang minorya at pinipigilan silang magkaisa para labanan ang minahan. Tulad sa maraming kaso sa buong bansa, minanipula ng NCIP ang mga katutubo upang ikutan ang hinihingi ng batas na "Free, Prior, and Informed Consent" o permiso ng komunidad bago makapag-operyt ang mga kumpanya sa mina.

Nagsisilbing gwardya ng minahan ang mga yunit ng militar at pulis. Inilulunsad sa mga kabundukan ng Kalinga ang malawakang operasyong kombat sa tabing ng kontra-insurhensya para supilin ang pagtutol ng mamamayan sa proyekto.

*Halaw sa primer ng CPDF-Kalinga hinggil sa MMCI.* AB

## Mga minero sa Benguet, nagbarikada

NAGBARIKADA ANG MGA minero ng Dontog-Manganese Pocket Miners Association (DOMAPMA) laban sa malaking kumpanya sa mina na Benguet Corporation, Inc. (BCI) sa Sityo Dalicno, Barangay Ampucao, Itogon, Benguet noong Mayo 13. Ang barikada ay bahagi ng kanilang pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan laban sa sapilitang pang-aagaw ng BCI sa mga *pocket mine* ng DOMAPMA at hindi makatuwirang pagtataas ng upa sa mga kagamitang pangmina.

Sa utos ng BCI, pinagbawalan ng lokal na mga ahensya ng gubyerno ang maliitang operasyong mina ng DOMAPMA dahil sa usapin ng "regulasyon" at "isyung pangkalikasan" na dulot umano ng operasyon. Naniniwala ang mga minero na pagdadahilan lamang ito para makapanghimasok ang BCI sa lugar.

Nasa 500 hanggang 1,000 manggagawa ang mawawalan ng kabuhayan sa iligal na pagpapatigil ng kanilang kabuhayan. Apektado rin ang paghahanapbuhay ng mga katutubo sa komunidad at mga kalapit na barangay, at maging sa ibang prubinsya sa Cordillera at Cagayan Valley na dito nagtatrabaho.

Bago pa man ipatigil ang operasyon ng maliitang pagmimina, sinubukan na ng BCI na ilusot ang kanilang operasyon sa erya ng DOMAPMA kasama ang ilang bahagi ng mga barangay ng Ampucao at Virac. Kinasabwat ng kumpanya ang National Commission on Indigenous Peoples para iratsada at dayain ang mga dokumento para sa espesyal na permit. Nilayon nilang ikutan ang proseso ng pagkuha ng Free, Prior, and Informed Consent mula sa mga katutubo sa lugar.

Bago pa nito, nagsagawa na ng barikada laban sa mapang-abuso at mapandambong na BCI ang iba pang mga residente ng Barangay Ampucao noong Abril. Giit nilang gawing mas mura ang halaga ng mga kagamitang pangmina na ipinauupa sa kanila.

## Wala pa ring hustisya sa Marawi City

ILANG LINGGO BAGO ang ika-7 taong anibersaryo ng pambobomba ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Marawi City, nagsagawa ng kilos protesta ang mga residente rito para igiit ang labis nang nabalam na hustisya. Noong Mayo 13, nagtipon sa Rizal Park sa syudad ang mga residente na hanggang ngayon ay hindi pa nakababalik sa kanilang mga komunidad.

Binatikos nila ang pambabarat ng Marawi Compensation Board (MCB) sa nararapat nilang matanggap na kumpensasyon o bayad danyos para muling itayo ang nawasak nilang mga bahay at ari-arian. Sa halip na ibigay sa kanila ang sapat na pondo, naglabas ng bagong "pamamaraan" ng pagkwenta ng pinsala ang MCB kung saan ibinawas ang "depreciation cost" (nabawas na halaga ng ari-arian dahil sa paglipas ng panahon o pagkasira) ng mga ari-arian. Mas luma ang istruktura, mas malaki ang bawas at sa gayon mas maliit ang kumpensasyon. Sa ilalim nito, awtomatikong babawasan nang 60% hanggang 85% ang itinakdang kumpensasyon ng isang *claimant* kung minimum na 10 taon na itong nakatayo bago bombahin ng AFP.

Taliwas ito sa unang itinakdang proseso ng Implementing Rules at Regulations (IRR) ng Marawi Siege Victims Compensation Act. Itinakda sa batas na ito ang kumpensasyon batay sa "fair market value" (o presyo sa pamilihan) na resulta ng mga konsultasyon sa mga *claimant*, o sa "replacement cost" o "repair cost" ng mga lubos na nawasak o may bahaging nasirang mga bahay o gusaling pang-kultura at komersyal. Walang awtoridad ang MCB na baguhin ang mga istandard ng pagkwenta na nakasaad na sa batas, ayon sa mga nagprotesta.

Tinatayang kailangang maglaan ang pambasang gubyerno ng di bababa sa ₱5 bilyon kada taon para mabayaran ang lahat ng pininsala ng AFP. Limang taon lamang iiral ang MCB, at pagkatapos nito ay wala nang matatanggap ang mga biktima.

## 68 ektaryang lupa, naipagwagi ng mga magsasaka ng Tinang

UPISYAL NANG KINILALA ng reaksyunaryong gubyerno ang pagmamay-ari ng 90 magsasakang kasapi ng Malayang Kilusang Samahan ng mga Magsasaka ng Tinang (Makisama-Tinang) sa 68 ektaryang lupa sa Hacienda Tinang sa Concepcion, Tarlac noong Mayo 8. Bunga ito ng tatlong dekadang pakikibaka para sa lupa at muli nilang paglulunsad ng kampanyang pagbawi sa lupa sa porma ng bungkalan noong Hunyo 2022.

Iginawad ng Department of Agrarian Reform ang Certificate of Land Ownership Award sa mga taga-Tinang matapos ilang ulit itong iatras sa harap ng napakaraming serye ng mga protesta, dayalogo at kampuhan.

"Nagtagumpay po kami dahil sa aming sama-samang pagkilos na abutin ang aming karapatan at katarungan. Kung hindi naman po kami nagkaisa at nanindigan, kahit pala po nasa panig namin ang tama, hindi talaga ibinibigay ng kusa ang karapatan. Kailangan po talaga itong ipaglaban," ayon kay Alvin Dimarucut, tagapangulo ng Makisama-Tinang.

Kasabay ng ganap na paggawad ng titulo sa lupa, iginiit din ng mga magsasaka ang pagbabasura sa lahat ng mga kasong isinampa laban sa Tinang 83 tulad ng *obstruction of justice*, *usurpation of property rights*, *human trafficking*, at *child exploitation*. Ang Tinang 83 ay mga magsasaka at kanilang tagasuporta na inaresto habang naglulunsad ng bungkalan noong Hunyo 2022.

Koresponsal

# "Malinis" na enerhiya sa Batangas, maruming pagkukunan ng kwarta

Dahil sa likas na yaman ng prubinsya ng Batangas at bentaheng pwesto nito sa bansa at rehiyon, pinaglalawayan ito ng malalaking negosyante at dayuhan.

Ilan taon nang bukambibig ng reaksyunaryong estado ang pagbabawas ng pagsandig sa *fossil fuel* (langis at karbon) bilang pinagkukunan ng enerhiya ng bansa. Sa ilalim ng rehimeng Duterte, nagsimulang ibukas ang bansa sa dayuhang pamumuhunan sa enerhiyang *renewable* (hindi nakabatay sa langis at karbon) at malinis (hindi lumilikha ng polusyon o dumi). Sa ilalim ng rehimeng Marcos, pinahintulutan nito ang 100% dayuhang pagmamay-ari ng gayong mga pasilidad.

Wasto at makatarungan ang giit ng maraming sektor ng lipunan para sa malinis na enerhiya para mapangalagaan ang kalikasan at masalba ang mundo mula sa *climate change*. Pero hindi ito ang layunin ng mga dayuhang kumpanya at kasosyo nilang mga burgesyang kumprador, pati na mga burukrata-kapitalista, na mabilis nakisakay sa tulak para sa enerhiyang *renewable*.

Sa buong bansa, iilang pamilya at kumpanya lamang ang nagmamay-ari sa mga plantang lumilikha at nagsusuplay ng kuryente, gamit ang hangin, tubig, karbon at *liquefied natural gas* (LNG). Sa Batangas, may mga pasilidad ang mga Ayala at mga Aboitiz at mga negosyanteng sina Manny V. Pangilinan (MVP), Ramon Ang at Enrique Razon Jr. Dito rin nakabase ang anak ni Sen. Loren Legarda na si Leandro Leviste na nagmamay-ari ng Solar Philippines Power Project Holdings Inc. (SPPPHI). Pamilyang Tan naman ang may hawak ng Citicore Solar Power Plant sa Tuy na nagsusuplay ng kuryente sa Emperador at Tanduay Distillery sa Balayan at Lian.

Noong 2016, inilatag ni Leviste sa 160 ektaryang lupang kapatagan sa Calatagan ang pinakaunang *solar farm* ng SPPPHI. Noong 2023, binili nina Razon at Leviste ang dalawa pang *solar farm* sa Batangas. Balak nilang itayo ang pinakamalawak na *solar farm* na sasaklaw sa prubinsya, Nueva Ecija at Bulacan.

Noon ding Disyembre 2023, ibinalita ni Pangilinan ang pagkalugi ng Roxaco Land Corporation sa Nasugbu. Kasabay nito, bahaging isinara ang Central Azucarera Don Pedro Inc (CADPI)—ang isa sa dalawang asukarera sa prubinsya at pangalawa sa pinakamalaki sa bansa.


Pagsapit ng taong 2024, nalantad ang dahilan sa desisyon ni Pangilinan na yumanig sa kabuhayan ng libu-libong Batangueñong magtutubo. Inianunsyo niya noong Marso na binili niya ang Solar Phil New Energy Corporation (SPNEC), isang kumpanya sa ilalim ng SPPPHI ni Leviste. Kapalit nito, ibinenta niya kay Leviste ang ROXACO. Paborable kay Leviste ang malawak at patag na tubuhan ng Hacienda Roxas para sa kanyang *solar farms*.

Bukambibig ng mga burgesyang ito ang hangaring lumikha ng murang kuryente para sa bansa subalit kabaliktaran ang reyalidad nito. Lalong tumataas ang presyo ng kuryente dahil monopolisado ng iilan ang merkado. Ang may kontrol sa suplay ay sila ding may kontrol sa distribusyon.

Libu-libo ang mga magsasaka at mangingisdang mapapalayas mula sa kanilang mga lugar para lamang sa kanilang planta at pasilidad. Kabilang dito ang 26,000-ektaryang *geothermal powerplant* ng Abotiz sa San Juan, Lobo, Rosario at Taysan, ang 10,000-ektaryang *solar farm* ni Leviste at Razon sa kanlurang bahagi ng Batangas.

Papasok pa sa eksena ang planong *wind powerplant* ng Basic Energy na sasaklaw sa 2,835-ektaryang lupa sa tabing dagat ng Balayan at Calatagan na pagmamay-ari ni Ramon Villavicencio. Ganito ring planta ang planong itayo sa gitna mismo ng dagat ng Mabini ng Philippine National Oil Company.

Sa pag-uunahan ng mga kumpanyang ito na itayo ang kani-kanilang mga pasilidad, niyuyurakan nila ang kagalingan ng napakaraming mamamayang Batangueño na napalalayas sa kanilang mga tirahan, lupa at kabuhayan. Dagdag pa ang pagkawasak ng kalikasan dahil sa iresponsableng pagbakbak ng tabing dagat at pagkalason ng mga yamang tubig sa Verde Island Passage. AB



# 69%

ang tsansa na babaling na ang kasalukuyang El Niño sa Pilipinas tungo sa **La Niña** mula Hulyo hanggang Setyembre.

Katatangian ito ng madalas at malalakas na pag-ulan na magdadala ng mga pagbaha, laluna sa silangang bahagi ng bansa.



*Pinagkunan: PAGASA*

# 63.6%

ang ibinagsak ng bilang ng dayuhang kumpanya na nangakong mamumuhunan sa mga *export-processing zone* sa Pilipinas sa unang kwarto ng 2024, kumpara sa parehong panahon noong 2023.

Taliwas ito sa ipinagmamalaki ni Marcos na mga nakuhang "komitment" mula sa pagliliwaliw niya sa ibang bansa.

*Pinagkunan: Philippine Statistics Authority*

# 70%



itinaas ng kaso ng *cybercrime* noong 2023 kumpara sa 2022, taliwas sa mga pangako ng **SIM Card Registration Law** na ipinasa noong Oktubre 2022.


Mayorya ng mga kaso ay *online scam*, na dumoble mula 7,203 sa 2022 tungong 14,030 sa 2023.

# 1.6 terabytes



ang laki ng ***data*** na nanakaw ng mga *online hacker* nitong Mayo sa mga kompyuter ng **Philippine National Police** na nagdedetalye sa personal na impormasyon ng **589,615** indibidwal na **nagparehistro ng kanilang mga baril**.

Ang insidente ay huli lamang sa maraming kaso ng pagbutas sa mga pampublikong *database* na hawak ng mga ahensya ng estado na naglalantad ng maseselang pribadong impormasyon ng mamamayan.



# 1 sa bawat 3

batang Pilipino ay **bansot** dahil sa matinding malnutrisyon at **kawalan ng akses sa kalidad na serbisyong pambata**.

*Pinagkunan: PIDS-Edcom 2*

## Mayo 27, 1999

niratipikahan ng Senado ng Pilipinas ang Visiting Forces Agreement (VFA) para bigyan-laya ang paglabas-masok ng mga tropang Amerikano at walang sagkang pagpasok ng kanilang mga eroplano at barkong pandigma sa lupa, dagat at himpapawid ng bansa.

Habang itinuturing itong tratado ng Pilipinas, isa lamang itong kautusang ehekutibo (EO No. 199) sa US.

## Mayo 16, 1966

**inilunsad ang Great Proletarian Cultural Revolution sa China sa ilalim ng pamumuno ni Mao Zedong at mga komunistang Chinese. Sa susunod na sampung taon, milyun-milyong kabataan at mamamayan ng China ang kumilos upang itakwil ang modernong rebisyunismo, labanan ang pagtatangka ng ilan na ibalik ang China sa landas ng kapitalismo, at palakasin ang sosyalismo sa China**

Nagapi ang GPCR nang manaig ang mga sentrista-makakanang elemento sa loob ng partido komunista noong 1976. Binuwag nila ng mga komuna, ibinalik sa pribadong pag-aari ang lupa, isinapribado ang maraming pampublikong empresa at binuksan ang ekonomya sa pandarambong ng imperyalistang US.

# Pambobomba, pag-aresto at karahasang militar at pulis

Sa nagdaang mga linggo, walang-puknat ang terorismo ng estado sa ilalim ng rehimeng Marcos. Naitala ang mga kaso ng pambobomba, iligal na pag-aresto at panggigipit sa pagkakaso ng "terrorism financing" laban sa mga demokratikong organisasyon at sektor.

**Pambobomba.** Naghulog ng 10 bomba ang mga *jet fighter* ng Philippine Air Force sa mga barangay ng Peñablanca, Cagayan noong Mayo 10 ng alas-2 ng madaling araw. Bumagsak ito sa Sityo Ebi, Lapi at kalapit na mga barangay. Narinig ang nakagigimbal na mga pagsabog, istraping at paglipad ng *jet fighter* hanggang sa mga bayan ng Baggao, Enrile, Amulung at sa Tuguegarao City. Hindi bababa sa 690 pamilya ang napilitang lumikas dahil sa teroristang pag-atake ng militar sa mga komunidad.

**Pag-aresto.** Inaresto noong Abril 21 ng mga sundalo ang 4-buwang buntis na Dumagat-Remontado na si Manilyn dela Cruz. Pinaratangan siyang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), at sinampahan ng patung-patong na kasong kriminal. Bago dakpin, natamaan siya ng bala mula sa walang patumanggang pamamaril ng mga sundalo sa kubo na kanyang tinutuluyan kasama ang pamilya sa Sityo Pinamaypayan, Barangay Umiray, Dingalan, Aurora.

Sa Taguig City, hinatulan at ikinulong noong Mayo 16 sa kasong rebelyon ang NGO *worker* na si Maria Salome Crisostomo-Ujano, edad 67. Idinawit si Ujano sa isang engkwentro ng BHB at mga sundalo sa Quezon na naganap noong Nobyembre 2005.

Sa Cebu City, ipinaaresto noong Mayo 13 ang 26 na kasalukuyan at dating tauhan ng Community Empowerment Resource Network (Cernet) Inc (kabilang ang tatlong patay na) at isang lider-manggagawa sa kasong "terrorism financing." Pinagbibintangan ang organisasyon ng pagpopondo sa BHB-South East Negros. Nagpyansa ang mga biktima para pansamantalang makalaya.

**Pagpapaulan ng bala.** Nagpaulan ng bala ang 94th IB sa Barangay Carol-an, Kabankalan City, Negros Occidental noong Mayo 6 na pinalalabas nitong isang engkwentro. Dahil sa pamamaril, nagbakwit ang higit 480 residente ng Sityo Tagoc, Bobon, at Matampa ng Barangay Carol-an. Kabilang sa napilitang magbakwit ang 146 bata at 14 matatanda.

**Karahasan sa kababaihan.** Pinaghubo't hubad ang mga asawang babae ng mga detenidong pulitikal na bumisita sa National Bilibid Prison noong Abril 21. Isa sa kanila ay 10 beses na pinatuwad ng isang upisyal ng bilangguan. Sa pagdadahilang paghahanap ng iligal na droga, karaniwang pinatutuwad at sinisilipan ang pribadong bahagi ng mga babaeng bumibisita sa kulungan.

**Panggigipit.** Tinakot at ginipit ng mga ahente ng 10th ID si Ricardo Baron, 71, organisador ng Transmision-Piston noong Mayo 9 sa Agdao, Davao City. Dalawang oras siyang "kinausap" ng mga ito at "pinasusuko."

Sa Ilocos Norte, arbitraryong kinumpiska ng lokal na pulis ang mga *questionnaire* ng Alyansa ng mga Magsasaka sa Ilocos Norte (AMIN) na nag-aalam sa kalagayan ng komunidad ngayong panahon ng El Niño sa Barangay Puzol, Pinili noong Mayo 10. Ayon sa AMIN, nagpunta ang mga upisyal ng pulis sa bahay ng isang residente ng barangay kung saan kinumpiska ang mga dokumento. AB

## Al Nakba, ginunita sa gitna ng brutal na kampanyang henosidyo ng Zionistang Israel sa Palestine

KASABAY NG MILYUN-MILYONG mamamayan sa mundo na nagsasagawa ng mga pagkilos bilang pakikiisa sa mga Palestino, nagmartsa patungong embahada ng Israel sa Bonifacio Global City (BGC) sa Taguig City ang mga kabataan at iba pang sektor noong Mayo 15. Muli nilang kinundena ang henosidyo ng US at Israel sa Gaza, laluna ang panananalakay ng mga ito sa Rafah, ang tinaguraing "huling sangtwaryo" ng daan-daanlibong Palestino.

Tinangkang buwagin ng mga pulis at mga gwardya ng BGC ang protesta, sanhi ng pagkasugat ng 15 raliyista.

Nagkaroon ng hiwalay na protesta sa Quezon City ang ibang grupong progresibo at pambansa-demokratiko kinahapunan.

Kaisa ang mga pagkilos sa internasyunal na panawagan para gunitain ang ika-76 anibersaryo ng Al Nakba (Ang Sakuna) kung saan unang marahas na pinalayas ng Zionistang kilusan ang mga Palestino sa kanilang lupa para itatag ang estado ng "Israel." Sa buong mundo, pinaiigting ng mamamayan ang mga pagkilos laban sa Zionistang Israel sa harap ng walang awat na pambobomba at pang-aatake nito sa Gaza. Kabilang dito ang pagbwelo ng mga protestang estudyante sa mahigit 100 malalaking unibersidad sa US, gayundin sa France at Australia.

Ayon sa mga nagpuprotesta, ang kasalukuyang nagaganap na henosidyo sa Gaza ay higit na malala sa Nakba ng 1948 at sa gayon ay dapat walang tigil ang mamamayan sa buong mundo para itigil na ito.

Mula Oktubre 7, 2023, mahigit 38,000 Palestino na ang pinatay ng US-Israel sa Gaza, at mahigit 2 milyon na ang nawalan ng tirahan at napalayas sa kanilang mga komunidad.